

# 1

“Kumusta ang date mo kagabi?” tanong ni Irene kay Laraine. Kasalukuyan itong nagkakape habang nanood ng TV sa maliit na sala ng apartment nila. “Hindi na kita nahintay na umuwi. Anong oras ka ba dumating?”

“Ayos lang naman. Dinala ako ni Robert sa isang mamahaling restaurant, naglakad-lakad ’tapos umuwi na. Hatinggabi na ako nakauwi at tulog ka na nang dumating ako,” sagot ng dalaga. Naupo siya sa tabi nito, hawak ang tasa ng kape niya.

Isang matandang mayaman si Robert na nagpakita ng interes kay Laraine. Isa ang kompanya nito sa top one hundred companies dito sa Pilipinas, kaya talagang nakakalula ang yaman nito. Aaminin niyang pera lang ang habol niya sa lalaki dahil gusto niyang yumaman. Mula noong bata siya, iyon na ang pangarap niya, ang yumaman at maiahon sa kahirapan ang kanyang pamilya. At tila hulog ng langit na dumating sa buhay niya si Robert.

Nakilala niya ang lalaki sa isang business conference na dinaluhan nila ng boss niya sa Baguio. Magkakilala si Mr. Ayala at si Robert dahil nagkaroon

na ng business transaction ang mga ito at ipinakilala siya rito ng boss niya. Noong una ay lagi siyang binibiro ni Robert, na hindi niya sineryoso. Hanggang sa bisitahin siya nito sa opisina.

Isang buwan na iyon. Hindi naman agad nanligaw sa kanya ang matanda, hanggang palipad-hangin lang ito. Siya naman ay naghintay lang sa susunod na gagawin nito. Sa wakas, nagkalakas-loob din itong yayain siyang lumabas, na agad niyang sinang-ayunan.

Pagkakataon na niya ito para yumaman. Alam ni Irene ang dahilan niya kung bakit lumabas siya kasama si Robert. Alam ng kaibigan na pera ang habol niya, pero hindi ito nagsalita. Sinabi nga nito na buhay at kaligayahan naman niya ang nakataya at matanda na siya, makakaya na niyang magdesisyon ng sarili niya. Samantalang ang pamilya niya ay tutol sa ginagawa niya.

Pero para kay Laraine, basta may pera ay ayos na. Magiging masaya na siya. At maibibigay na niya ang buhay na gusto niya para sa mga ito.

“Lalabas ba kayo uli?” usisa ni Irene. Itinaas nito ang isang paa sa upuan at humarap sa kanya. Linggo noon kaya wala silang pasok at mamayang hapon pa sila magsisimba.

“Hindi ko alam. Hindi naman siya nagtanong,” nagkibit-balikat na sagot niya. Ayaw naman niyang siya ang magyaya dahil baka sabihin ni Robert na desperada siya.

Ilang taon ang agwat nilang dalawa. Kung tutuusin, halos anak na siya nito o apo. Twenty-four lang siya habang si Robert ay sixty. Pero matikas pa rin ito at mas bata ang hitsura kaysa sa edad. Iyon nga lang, hindi maikakailang malayo ang agwat nila. Maraming nagtaas ng kilay at humuhusga sa kanya, pero wala siyang pakialam. Inggit lang ang mga ito dahil may matandang mayamang nagkainteres sa kanya.

“Mukha namang nabihag na ng beauty mo ang pobreng matanda, kaya sigurado akong tatawagan ka niya para lumabas uli,” tila nakakasigurong sabi ng kaibigan.

Napangiti si Laraine. Sana nga. Gusto na rin niyang matupad ang mga pangarap niya. “Ikaw, bakit hindi kayo lumabas ng boyfriend mo?”

“May-sakit, eh. Sa susunod na lang kami lalabas,” sabi nito at muling humarap sa telebisyon. “Siyanga pala, naitsismis sa akin ni Marie, may bago daw accountant sa kompanya natin at ayon sa tsismis, papalicious daw. Excited na akong makilala siya, ”

kinikilig na pagbabalita nito. Si Laraine ay napailing. Ano ang silbi ng kaguwapuhan ng isang lalaki kung hindi siya maiahon sa kahirapan?

“Hoy, malanding babae! Alalahanin mo, taken ka na,” paalala niya.

Nagtaas ito ng kilay. “So? Hindi ba puwedeng mag-appreciate ng guwapo ang isang tulad kong nakatali na? Libre naman ang tumingin at maglaway, ah.”

“Ah, ewan ko sa ’yo. Bakit ba kasi iyan ang una ninyong tinitingnan sa mga lalaki? Hindi n’yo naman mapapakinabangan iyan.”

“Hello? Palibhasa ikaw, bulsa ang unang tinitingnan kung makapal ba,” depensa nito.

Hindi nainsulto si Laraine sa sinabi ng kaibigan dahil totoo iyon. Kung hindi rin lang makapal ang wallet ng isang lalaking may interes sa kanya, huwag na itong magkakamaling manligaw. Basted sa kanya ang mga yagit na kagaya niya.

“May mali ba doon? Sa ayaw kong magutom. Makakain mo ba ang kaguwapuhan kung sakaling maghirap kayo?” hindi nagpatalong tanong niya.

“Hindi, pero at least kapag matutulog ka, hindi

ka babangungutin na bakulaw ang katabi mo,” mabilis na sagot nito.

“Ah, ewan ko sa inyo. Basta ako, stick lang ako sa rules of dating ko. Mas masaya ako doon,” aniya para matapos na ang usapan.

“Sumama ka sa aking mag-lunch bukas. Magbo-boy hunting tayo,” excited na wika ni Irene. Pinaikot na lang niya ang mga mata dahil alam niyang kapag hindi siya pumayag, hihilahin siya nito papuntang canteen.

---

Kinabukasan, lunch break sa kanilang opisina. Nang makarating sila sa canteen, agad naging malikot ang mga mata ni Irene, halatang hinahanap ang bagong katrabaho nila. Pinaikot ni Laraine ang mga mata bago hinila ang kanyang kaibigan para bumili ng tanghalian nila.

“Iyang dinaraan mo ang tingnan mo at hindi iyong kung saan-saan nagpupunta ’yang mga mata mo. Mamaya niyan maduling ka sa kakahanap ng guwapong lalaki,” sita niya rito.

Siniko siya nito. “Ikaw talaga, panira ka ng mood. Pabayaan mo na lang kasi ako sa trip ko.” Muli nitong iginalala ang mga mata sa canteen. “Nasaan na kaya

siya?”

“Baka hindi pa siya bumababa. Kasi naman ang aga mong nag-break.” Muli niyang binalikan ang kinakain. “Kumain ka na lang, baka mamaya hindi ka na makakain kapag dumating ang dream boy mo.”

Ngunit hindi na nakikinig sa kanya si Irene. Impit itong napatili at halos maghugis-puso ang mga mata nito sa kilig. May tinitingnan ito sa likuran niya. Pinaikot ni Laraine ang kanyang mga mata. Sigurado siyang ang lalaking sinasabi na nito ang dumating. Napailing siya at hindi lumingon.

“Shit! Ang guwapo talaga niya!” kinikilig na sabi ng kaibigan niya. Napayakap pa ito sa sarili. Napaismid naman si Laraine. “Tingin mo, papatol siya sa isang katulad ko?”

“Puwede. Pero huwag mong kalimutang may nobyo ka na at mahal na mahal mo iyon. Naalala mong naglasing ka noon dahil akala mo nagloloko ang boyfriend mo? O dahil masyado kang nabulag sa kaguwapuhan ng lalaking ito at hindi na tumatakbo nang maayos ’yang utak mo?” sarkastikong paalala niya.

Tinampal nito ang kamay niyang may hawak ng kutsara, natatawa. “Ito talaga, masyado kang patawa.

Hindi ko nakakalimutan, 'no! Nagtanong lang ako," depensa nito.

Tumikwas ang kilay ng dalaga. "Nagpapaalala lang." Sasagot pa sana si Irene, pero may isang boses-lalaki na sumingit sa pag-uusap nila. At ayon sa pamimilipit ng kaibigan niya sa upuan nito, na animo may LBM, alam niyang ang bagong katrabaho ang nagmamay-ari ng tinig na iyon.

"Puwede ba akong maki-join sa inyo?" tanong ng baritonong boses. Hindi alam ni Laraine pero parang gustong manayo ng balahibo niya sa boses nito. Buong-buo iyon at malamig pakinggan.

"Sure," mabilis na sagot ni Irene bago pa man siya makatutol. Sinulyapan niya ang lalaki, pagkatapos ay umikot ang mga mata niya sa paligid. Nakita niyang marami pang bakanteng lamesa kaya kusang tumaas ang mga kilay niya, tila tinatanong kung ano ang ginagawa ng lalaki roon.

"Bago lang kasi ako dito. Nakilala ko kanina halos lahat ng mga kasama natin sa trabaho, pero ikaw... hindi kita nakita. Kaya nag-decide akong lapitan kayo. Ako nga pala si Butch," pakilala nito sa sarili, sabay lahad ng kanang kamay nito.

Tiningnan muna niya ang kamay nito bago

inabot iyon. “Laraine,” maikling sagot niya. Muling tumaas ang kilay niya nang maramdaman niyang pinisil nito ang palad niya. Agad niyang binawi ang kamay mula sa pagkakahawak nito. *Hmm... presko!* Iyon ay sa kabila ng sinabi ni Irene na macho raw ng lalaki, makalaglag-panty at may killer smile. Ang guwapo rin daw nito, dreamy ang dating.

“So, kumusta naman ang unang araw ng pagtatrabaho mo rito?” tanong ni Irene. Hindi nito napansin ang tensyon sa pagitan nila ng binata.

Nakangiti ang mga mata ni Butch sa kanya at may kung anong emosyon siyang nababasa roon, pero hindi niya mabigyan ng pangalan. Isa lang ang alam niya, hindi niya gusto ang paraan ng pagtitig nito sa kanya.

“Aayos naman. Mababait ang mga kasama ko. Kahit sa ibang department, mababait din,” sagot nito. Bahagya lang itong sumulyap sa kaibigan niya pagkatapos ay muling natutok sa kanya ang mga mata nito. Napansin naman iyon ni Irene at nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanilang dalawa. “May nobyo ka na ba?” prangkang tanong ng binata.

Halos mag-disappear ang mga kilay ni Laraine sa bilis ng pagtaas ng mga iyon. Hindi lang pala ito presko, masyado pang mataas ang tiwala nito sa



sarili. Tumindi ang pagkaasar ng dalaga at hindi niya pinigil ang pagsimangot. Bahagya pa niyang inirapan si Butch.

“My private life is none of your business,” masungit na sagot niya. Malamig din ang tono niya.

Sumingit si Irene. Marahil ay nahalata nito ang pagkasira ng mood niya. “May kotse ka ba? Makapal ba ang laman ng wallet mo? Mayaman ka ba? Kung ang sagot sa lahat ng tanong ko ay hindi, huwag ka nang mag-iisip na manligaw kay Laraine. Basted ka na agad,” birong-totoo ng kaibigan niya.

Hindi naman siya nahihiya dahil alam ng lahat ng mga katrabaho niya ang tungkol doon. Siya ang klase ng taong hindi mapagkunwari. Kung sino siya, iyon ang ihaharap niya sa madla. Kilala rin siya sa pagiging masungit, iyon ay dahil matalas ang dila niya at kung may ayaw siya ay agad niyang sinasabi.

“I see,” tila nag-iisip na sagot ni Butch, hindi kumukurap na tunitig sa mukha ng dalaga. “Dederetsahin na kita, Laraine... I like you.”

Umismid siya. Sure, gusto siya nito. Iyon naman lagi ang sinasabi ng mga lalaki sa kanya. Iyon ay dahil maganda siya, matangkad, maputi at maamo ang mukha... kabaliktaran ng ugali niya. Madaming

nagsasabi na tila anghel ang mukha niya dahil sa bilugan niyang mga mata na napapalibutan ng makakapal na pilikmata. Natural ang guhit ng mga kilay niya na tila ipininta. Mapula rin ang mga labi niyang tila laging nag-aanyaya ng halik. Mayroong dalawang maliliit na biloy sa kanyang magkabilang pisngi kapag ngumingiti siya. Ang buhok niya ay natural na unat at bagsak na medyo brown ang kulay. Ang sinabi ng nanay niya ay ipinaglihi siya sa Sto. Niño, kaya raw mukha siyang anghel.

“Hindi ako ang gusto mo kundi itong mukhang ito. Pero sorry ka na lang, hindi kita type,” prangkang sagot niya. Sure, guwapo ang lalaki. Ayon nga kay Irene, kaibig-ibig ang panlabas na anyo ni Butch pero hindi nito maibibigay ang mga pangarap niya. “So do us both a favor. Huwag mo nang sayangin pareho ang mga oras natin. Sa iba mo na lang ibaling iyang atensyon mo.”

Pero sa halip na mawala ang pagkakangiti ng binata, lalo pang lumuwang iyon. May nabasa rin siyang determinasyon sa mukha nito at nakaramdam siya ng trepidisyon. Mukhang wala itong balak gawin ang sinabi niya.

“Hindi natin malalaman ang mangyayari kung hindi natin susubukan. Malay mo, bandang huli

mahulog din ang loob mo sa akin,” kumpiyansang sagot nito. “At saka kapag may gusto akong makuha, hindi ako tumitigil hangga’t hindi nagiging akin iyon,” matatag na sabi nito. “And this time, isang bagay lang ang gusto ko. I want you,”

“Oh, gosh! Nakakakilig naman kayong panoorin!” biglang singit ni Irene na kanina pa tahimik na nakikinig sa usapan nila. Nakapangalumbaba ito na tila fangirl at ang luwang ng ngiti. “Hindi na ako makapaghintay na malaman kung ano’ng mangyayari.”

“*Walang* mangyayari dahil hindi na magbabago ang isip ko. Ngayon pang malapit ko nang maabot ang pangarap ko,” mabilis na sagot ni Laraine, puno ng pinalidad ang isip.

“We’ll see,” naghahamon na tugon ng binata. Ngumisi ito bago nagsimulang kumain. Habang ang dalaga naman ay lihim na nagningingitngit dahil nakaya nitong buwagin ang kontrol niya sa sarili.

At nang mga oras na iyon, nagdesisyon siyang iwasan si Butch. Ayaw niyang patalo sa tukso dahil aaminin niyang malakas ang appeal ng binata. At alam niyang iyon ang kahinaan ng kababaihan. Tila nabasa naman ng lalaki ang iniisip niya dahil ngumisi ito, tila nakakaloko. Umirap siya saka nagbaba

ng tingin. Desidido siyang huwag itong pansinin hanggang sa matapos ang tanghalian nila at puwede na siyang bumalik sa puwesto.

Inapura niya ang pagtapos sa kinakain. Wala siyang pakialam kung alam ni Butch na umaatras siya. Hindi ito oras para makipagmatigasan.

“Tapos ka na ba?” tanong niya kay Irene.

“Hindi pa,” maikling sagot nito. Nagtagis ang mga ngipin niya dahil hindi pa nito napapangalahati ang kinakain nito. Tila sinasadya nitong bagalan ang pagkain para makasama pa ang binata.

“Well, mauuna na ako sa inyo. Baka may tumawag, walang sasagot sa telepono,” pagdadahilan niya. Tumayo na siya, hindi hinintay ang sasabihin nito. “See you later.”

Nagulat pa siya nang tumayo rin si Butch at lumapit sa kanya. Hinawakan nito ang kamay niya at dinala iyon sa bibig nito at bago pa man niya mabawi, lumapat na ang mga labi nito sa likod ng kamay niya.

“Nice meeting you, Laraine,” malamyos ang boses na sabi nito. Namula ang mga pisngi ng dalaga at wala sa sariling napalingson sa paligid.

Yup, nakatingin sa kanilang dalawa ang mga

*The Price of Love - Bella Amor*

---

kasama nila. Hinablot niya ang kamay mula rito at malalaki ang hakbang na iniwan ang dalawa. Ni hindi na siya nag-abalang sagutin si Butch.

*Grrr! Hambog, adelantado, mayabang, presko... nakakainis siya!*

## 2

“Ano’ng ginagawa mo rito?” gulat na tanong ni Laraine nang buksan niya ang pinto at makitang nakatayo sa labas si Butch. Maluwang ang ngiti nito habang may hawak na rainbow swirl lollipops sa kamay nito. “At paano mo nalaman kung saan ako nakatira? Stalker ka ba?”

Sa nakalipas na dalawang linggo, ginawa niya ang lahat para maiwasan ang binata. Umabot pa sa puntong hindi na siya bumababa sa canteen para kumain. Nagbabaon na lang siya at nagla-lunch sa puwesto niya. Pero ang hudyo, hindi makahalata o talagang hindi pinapansin ang pag-iwas niya rito. Lagi itong nakakahanap ng dahilan para puntahan siya at kausapin.

Noong ikalawang beses na kumain siya sa puwesto niya, pinuntahan din siya ng binata. May bitbit itong sariling pagkain at sinamahan siyang kumain doon. Sa sobrang inis niya, hindi niya naubos ang pagkain. At ang lalong ikinagagalit niya, lagi itong nakakahanap ng pagkakataong kulitin siya tungkol daw sa ‘kanila’. As if merong ‘sila’. Ang lalong ayaw niya ay sobrang presko nito.

Simpleng manyak dahil lagi siyang hinahawakan, ninanakawan ng halik sa pisngi o sa kamay at minsan may paakbay-akbay pa. Nang sabihin niyang lalong mawawalan ito ng pag-asa sa kanya dahil sa ginagawa nitong pananantsing sa kanya, tinawanan pa siya nito at kinindatan. Saka sinabing parte iyon ng tactics nito. Kapag daw kasi sobrang nainis siya sa binata, matatanim daw ito sa isip niya. At may gana pa itong sabihin sa kanya ang isang quote: *There's a fine line between love and hate.* Malay raw niya roon magsimula ang love story nila.

At parang gusto na niyang sumang-ayon sa sinabi ni Butch. Dahil matapos ang dalawang linggong pangungulit at pang-aasar ng binata sa kanya, natatagpuan na lang niya ang sariling iniisip ito. At lagi-lagi niya itong minumura.

Pero walang balak si Laraine na isuko ang mga pangarap niya para sa sarili at para sa pamilya niya.

“Dinadalaw ka. Hindi kita nakita maghapon, kaya naisip kong puntahan ka rito. Para sa 'yo.” Iniabot nito sa kanya ang dalang rainbow swirl lollipops, pero tiningnan lang niya iyon.

“Ayoko nga. Baka mamaya niyan may gayuma ang mga 'yan,” masungit na sagot niya. Sinadya niyang iharang ang katawan sa pintuan dahil wala

siyang balak papasukin ang binata. Bastos na kung bastos, pero hindi niya ilalagay ang sarili sa daan ng tukso. “At hindi mo sinagot ang tanong ko. Paano mong nalaman kung saan ako nakatira?”

“Walang gayuma iyan. Bakit naman kita gagayumahin? Puwede kang mahulog sa natural charm ko,” mayabang na tugon nito.

“Masyado kang mahangin. Hindi ka ba kinakabag? Ako ngang nakikinig lang tila kakabagin na sa sobrang kayabangan mo,” naningkit ang mga matang sagot niya. Humalukipki siya para ipakitang wala siyang balak abutin ang ibinibigay nito.

“Kunin mo na. Kung hindi, hahalikan kita. French kiss,” banta nito.

“Subukan mo, tingnan ko lang kung hindi ko paputukin ’yang mga labi mo.” Kumuyom ang mga kamao niya, pero inabot niya pa rin ang mga rainbow swirl lollipops mula rito. “At bakit ganito ang dala mo? Gusto mo bang masira ang mga ngipin ko?”

Natawa si Butch sa sinabi niya. “Hindi, simbolo iyan ng matamis kong pag-ibig para sa ’yo.” Himig nagbibiro man ang boses ng binata, pero nabasa naman ni Laraine ang katapatan sa mga mata nito. At nagulat siya sa deklarasyon nito. Hindi niya



inaasahang sasabihin iyon ng lalaki. Sa nakalipas na dalawang linggo, hindi ito nagbanggit ng kahit na ano tungkol sa pag-ibig. Panay pasaring lang ang ginagawa nito.

Hindi tuloy niya alam kung ano ang isasagot sa sinabi nito. Nagdesisyon na lang siyang baguhin ang usapan.

“Hindi mo pa rin sinasagot ang tanong ko. Siguro nga totoong stalker kita,” akusa niya. Sinadya niyang langkapan ng galit ang boses para pagtakpan ang pagkalitong naramdaman kanina.

“Okay, aaminin ko na. Sinundan kita minsan dahil ayaw mong sabihin sa akin kung saan ka nakatira. Paano kita madadalaw kung hindi ko alam kung saan ka pupuntahan?” rason ng kausap. Ibinulsa nito ang mga kamay sa mga bulsa ng pantalong maong. Pasimpleng sumilip ito sa loob ng apartment nila ni Irene. “Hindi mo ba ako papapasukin?” kapagkuwa’y tanong nito.

“Bakit naman kita papapasukin? Unwanted visitor ka,” masungit na sagot niya. Kung maririnig lang siya ng nanay niya, siguradong kanina pa siya pinadapa at pinalo ng sinturon. “Nakita mo na ako, puwede ka nang umalis.”

“Pero gusto pa kitang makasama. Makausap. Hindi ko narinig maghapon ang boses mo at na-miss ko iyon. Ipagkakait mo bang marinig ko ang boses mo?” Tila batang nagmamakaawa ang anyo ni Butch.

Pero pinatigas ni Laraine ang puso niya. Ayaw niyang mahulog sa bitag nito. Dahil kapag nangyari iyon, mahihirapan na siyang makawala. “Oo, dahil boses ko ito. Ngayon, umuwi ka na. Nasisira lang ang gabi ko.”

“Aww, ang lupit mo,” kunwari’y napapikit na reklamo nito pero hindi naman natinag. Sa halip ay may kumislap na kapilyuhan sa mga mata nito. “Sige, uuwi ako... sa isang kondisyon. Papayag kang makipag-date sa akin. Deal?”

“Hindi,” mabilis na sagot ng dalaga, matigas ang boses. Ano siya, bale? Kaya nga niya ito iniwasan dahil ayaw niyang matukso, pagkatapos papayag siyang makipag-date dito? Di nasira ang mga plano niya. “Umuwi ka na.” Akmang isasara niya ang pinto pero pinigilan siya nito.

“Come on, Raine, isang date lang naman. Pangako, mananatili akong perfect gentleman sa date natin,” pamimilit nito.

“Sinabi ko nang hindi. Ano ba’ng mahirap

intindihin doon? Saka una pa lang, sinabi ko nang wala akong gusto sa 'yo. Bakit ba ayaw mo pa akong tigilan? Dahil ba nakanti ko ang pride mo?" Totoong galit na siya.

"Hindi, dahil gusto kita. Una pa lang, sinabi ko na 'yan sa 'yo. At hindi ako ang klase ng taong basta-basta sumusuko," sumeryoso ang anyong sagot ni Butch. Marahil ay napansin nitong totoo na ang galit niya. "Bigyan mo lang ako ng chance, Raine. Iyon lang naman ang hinihingi ko. Ano ba'ng ikinakatakot mo?"

Iyon na nga. Natatakot siyang bigyan ito ng chance dahil puwedeng mahulog ang loob niya rito. Malakas ang karisma ng binata at kapag hindi siya nag-ingat, baka mawala sa kanya ang mga pinapangarap niya. At hindi niya kayang isakripisyo ang mga pangarap para sa pag-ibig.

"Okay." Nagulat pa siya nang iyon ang lumabas sa bibig niya. Mukhang nagulat din si Butch, hindi inaasahang papayag siya. Pagkatapos lumabas ng mga salitang iyon sa mga labi niya, gusto na niya agad bawiin. Pero magmumukha naman siyang tanga kung gagawin niya iyon. "One chance. Pero hindi ibig sabihin nito'y may gusto na ako sa 'yo. Gusto ko lang matapos na ang kakulitan mo kaya ako pumayag."

Napangiti ang binata. Pero ang kislap ng mga

mata nito ay hindi sumasang-ayon sa sinabi niya. Tila sinasabi ng nangungusap nitong mga mata na may gusto rin siya rito.

“Okay, thank you. Iyon lang naman ang hinihingi ko,” halos umabot sa taingang sagot ni Butch. Bahagya itong yumuko. “Sige, aalis na ako. Paplanuhin ko pa kung anong memorableng date ang puwede kong pagdalhan sa ’yo. Good night, Laraine.”

Bahagya siyang tumango, hindi ngumingiti. “Good night.”

Patalikod na naglakad si Butch, nanatiling sa kanya nakatutok ang mga mata nito na tila minememorya ang anyo niya. Kumikislap sa saya ang mga mata nito at tila may spring ang bawat hakbang nito. Bago tuluyang tumalikod, kumaway muna sa kanya ang binata na tinanguan lang niya. Papito-pitong umalis ito.

Parang gustong mapangiti ng dalaga sa kaligayahang nadama nito dahil lamang pumayag siyang makipag-date dito. Nasagi ang puso niya dahil nakita niyang totoo ang kasiyahang ipinakita nito.

“Hoy, hindi mo pa ba isasara ’yang pinto? Kanina pa nakaalis ang loverboy mo.”

Nagulat pa si Laraine nang biglang magsalita

si Irene. Napaigtad siya at halos mabitawan ang bungkos ng lollipops na dinala ng binata para sa kanya. “Jeez, gusto mo ba akong magkaroon ng sakit sa puso? Bakit ka ba nanggugulat?” hawak ang dibdib na tanong niya. Malakas ang tibok niyon.

Napangiti naman ang kaibigan niya. Tumaas ang kilay nito nang makita ang hawak niya. “Lollipops? Original din ang lalaking iyon, ah,” komento nito. Kumuha ito ng isa, binuksan saka isinubo iyon. Tumaas naman ang kilay niya dahil nauna pa itong kumain kaysa sa kanya na binigyan pero nagtaas lang din ito ng kilay. “So, bakit parang ang lalim ng iniisip mo kanina?”

Napabuntong-hininga si Laraine at muling bumalik sa isip ang biglaang desisyon kanina. Hindi niya alam kung tamang bigyan pa ng pagkakataon si Butch samantalang sigurado naman siyang wala itong mapapala sa kanya. Hindi ba mas mabuti na lang na putulin na niya ang ambisyon nitong maangkin siya ngayon kaysa patagalin pa iyon? Ah, nalilito na rin siya.

“Pumayag akong lumabas kasama si Butch,” sabi niya sa mabigat na tono. Ibinagsak niya ang katawan sa upuan saka isinandal ang sumasakit na ulo sa sandalan niyon. “Tama ba ang ginawa ko?” tanong

niya sa kaibigan.

Saglit nitong pinag-aralan ang seryosong mukha niya bago ito sumagot. “Ikaw lang ang makakasagot niyan, Lar. Pakiramdaman mo kung ano talaga ang sinasabi ng puso mo,” payo nito.

“Pero sinasabi ng isip kong dapat kong layuan si Butch. Makakasira siya sa mga pangarap ko,” mabigat ang loob na tugon niya.

“Hanggang ngayon, hindi ko pa rin maintindihan kung bakit ganyan na lang ang pag-aambisyon mong yumaman.” naiiling na komento ni Irene.

“Of course not. Iba ang naging buhay mo sa buhay ko. May kaya ang pamilya n’yo. Samantalang ako, mahirap ang pamilya namin. Gusto ko ring maranasan ang magandang buhay. Iyong hindi nag-iisip kung saan kukuha ng pera pambayad ng matrikula o pampaospital.”

“Maganda naman ang trabaho ni Butch, ah. Kung sakali mang kayong dalawa ang magkatuluyan, magiging maganda pa rin ang buhay n’yo dahil pareho kayong may magandang trabaho,” rason nito.

Of course. Pero may iba pang rason si Laraine kung bakit gusto niyang yumaman. Hindi niya sinabi iyon sa kanyang kaibigan. Hindi dahil sa wala siyang

tiwala rito kundi dahil ayaw niyang mapagsabihan. Ang pamilya nga niya ay lagi siyang pinapangaralan lalo na ng mga magulang niya. Ang mga kapatid niya ay laging sinasabing ang kaligayahan niya ang dapat niyang unahin.

Ipinilig niya ang ulo. Ayaw muna niyang mag-isip. Gusto na lang niyang matulog dahil bukas ng gabi, muli silang lalabas ni Robert. Susunduin siya nito bandang alas siete ng gabi. At gusto niyang maging maganda para sa date nilang dalawa.

Kanya-kanya silang pasok sa mga kuwarto nila. Habang nag-aayos siya ng sarili bago matulog, hindi niya maiwasang isipin si Butch. Kung ano ang ginagawa nito nang mga oras na iyon. Pero agad din niyang pinalis ang isiping iyon. Masyadong inookupa ng binata ang isip niya ngayon. Hindi na tama iyon. Tumatapak na siya sa isang delikadong lugar at hindi niya maiwasang isipin na mali ang ginawa niyang pagpayag na lumabas kasama ang kaopisina.

---

Tinungga ni Butch ang natitirang laman ng beer bago inilapag ang bote sa maliit na lamesang nasa harap niya. Hawak niya ang cellphone at tinitingnan ang larawan ni Laraine na kinuha niya, lingid sa kaalaman nito. Napakaganda ng ngiti nito at hindi

siya nakatiis, kinunan niya ng litrato ang dalaga. Nagniningning ang mga mata nito at buhay na buhay ang tawa nito.

Of course, noong lumapit siya ay biglang nagsara ang mukha nito na tila bintanang natakpan ng kurtina. Kapag nasa malapit siya, iisa lang ang ekspresyon sa mukha ni Laraine, pagkainis.

Pero hindi pa rin niya mapigilang lumapit sa babae. Para itong magnet na humihila sa kanya at hindi niya malabanan ang hila nito. There's just something about Laraine na umaakit sa kanya. Hindi lang dahil maganda ito, oo, aaminin niyang iyon ang unang nakatawag sa pansin niya. Pero nang magtagal at lalo niyang nakikilala kung sino talaga ito, mas lalo pang nahuhulog ang loob niya rito. Ngayon lang siya nagpursiging maangkin ang isang babae. Karamihan sa mga nakarelasyon niya ay siya ang nilalapitan. Easy woman, easy to forget.

Pero iba si Laraine. She's a challenge. Isang hamon na gusto niyang mapanalunan.

Minsan ay nakokonsyensya rin siya dahil nagsisinungaling siya sa dalaga. Kahit hindi man niya gusto ay kailangan niyang gawin iyon at magkunwari rito.



Noong unang kita pa lang niya sa babae, na-hook na agad ang puso niya. Nagulat pa nga siya dahil hindi siya ang klase ng lalaking naniniwala sa love at first sight, pero iyon ang nangyari sa kanya.

Oo, hindi siya mahirap. Kabilang siya sa isang may-kayang angkan sa Davao. Ang mommy niya ay isang architect habang ang daddy niya ay negosyante. Parehong mayaman ang pamilya ng mga magulang niya. Galing sa pamilya ng mga politician ang mommy niya. Katunayan, ang lolo niya ang congressman ngayon sa Davao. Habang ang daddy niya ay mga negosyante naman ang angkan nito. Mula sa bangko hanggang sa shipping company at malawak na lupain.

At dahil dadalawa silang magkapatid, lahat ng hilingin nilang materyal na bagay ay kayang ibigay ng mga magulang nila. Ni hindi niya kailangang maghanap ng trabaho. Dati ay siya ang nagma-manage ng prutasan nila matapos magretiro ang kanyang ama.

Pero noong makita niya si Laraine sa isang business conference sa Baguio, pinili niyang lumuwas uli at magtrabaho sa kompanyang pag-aari ni Bernard. Dati niya itong kaklase sa kolehiyo at best friend niya. Nang humiling siya, agad namang pumayag ang kaibigan.

*The Price of Love - Bella Amor*

---

Doon nagsimula ang palabas nila. Para maging kapani-paniwala, umupa siya ng pipitsuging apartment at hindi siya gumagamit ng kotse. Kakaiba ang buhay niya ngayon dahil nagko-commute pa siya. Iyon ay para lamang sa dalaga. Bakit? Dahil noong magtanong-tanong si Bernard at ang Tito Chris niya sa mga empleyado sa opisina, nalaman ng mga ito ang tungkol sa pag-aambisyon ni Laraine na makapangasawa ng mayaman. At ayaw niyang gustuhin siya nito dahil sa pera niya.

Kaya niyang ibigay lahat ng pinapangarap nito. Pero kailangang mahal in siya nito bilang siya at hindi dahil sa karangyaang nakakabit sa pangalan niya. Nagpasalamat siyang taga-Davao siya at hindi nito naririnig ang tungkol sa maimpluwensyang mga kamag-anak niya.

# 3

Ilang beses na umikot si Laraine sa harap ng salamin. Siniguro niyang maganda siya nang gabing iyon para sa date nila ni Robert. Kahit papaano, nakaramdam siya ng excitement. Alam niyang kaunting panahon na lang, malapit na niyang maabot ang mga pangarap niya.

“Okay, deep breath, Raine. Focus,” pagkausap niya sa sarili.

Nang nagdaang gabi ay nahirapan siyang makatulog dahil sa sobrang kaiisip kung ano ang gagawin niya kay Butch. Hanggang sa mapagdesisyunan niyang sasama siya sa isang date pagkatapos ay sasabihin niya sa binata na mas mahalaga sa kanya ang mga pangarap niya. Matagal na niyang pinapangarap ang mga iyon at wala siyang balak pakawalan iyon lalo na’t abot-kamay na lang niya.

Nagwisik siya ng pabango pagkatapos ay kinuha ang shoulder bag sa bed niya. Isinukbit niya iyon sa kanyang balikat at lumabas na siya ng kuwarto.

Alas siete impunto. Alam niyang hindi nahuhuli

si Robert kapag may sinabi itong oras, kaya naman maaga siyang naghanda. At tama nga siya dahil hindi nagtagal, may kumakatok na sa pinto ng apartment nila. Nakangiting binuksan niya ang pinto.

“Good evening. Para sa ’yo,” bati ni Robert. Iniabot nito sa kanya ang isang bungkos ng red roses.

“Thank you.” Kinuha niya ang mga bulaklak at inamoy iyon. Paborito niya ang red rose kaya naman talagang nasiyahan siya na binigyan siya nito ng bulaklak. “Tuloy ka muna. Ilalagay ko lang ito sa tubig para hindi agad malanta.” Agad namang sumunod sa kanya ang lalaki at naupo sa sofa nila. “Gusto mo ng maiinom?”

“No, thank you. Kapag tapos ka na, lumakad na tayo. May reservation ako sa *La Cusina*. Ayokong maipit tayo sa traffic at hindi umabot sa reservation natin,” paliwanag nito.

Na-impress si Laraine. Isang five-star restaurant ang binanggit nito. Iyon ang unang beses na makakapunta siya roon. At sa totoo lang, takot siyang tumapak doon nang mag-isa dahil alam niyang sasakit ang bulsa niya kapag sinubukan niyang kumain doon. Pulos mga bigatin at mga dayuhan ang customer ng restaurant na iyon.

Mabilis niyang inilagay sa tubig ang mga bulaklak at binalikan ang lalaki. “Tara na,” pagyayaya niya.

Nagbiyahe na sila patungo sa restaurant. Nang makarating sila roon ay sinalubong sila ng isang server. Inumin muna ang kanilang inorder; iced tea para kay Laraine at mango juice naman ang kay Robert. Babalikan na lamang sila ng waiter kapag nakapagpasya na sila sa order na pagkain.

*Wow!* Iyon ang salitang lumutang sa isip ni Laraine habang pasimpleng iniikot ang tingin sa paligid. This place screamed luxury and wealth. Siya lang yata ang yagit na nakatapak doon bilang customer. At ang mga presyo ng pagkain, parang gustong mangulubot ng wallet niya dahil napakataas ng mga iyon.

Hinanap niya ang pinakamura at iyon na lang ang kukunin niya. Nahihiya siyang kumuha ng mamahaling pagkain.

“Masarap ang scallop nila dito. Kung gusto mong subukan,” sabi ni Robert matapos nitong ibaba ang menu folder. Tiningnan niya ang pagkaing sinasabi nito at nanlaki ang kanyang mga mata. Holy crap! Ang mahal naman!

“Ah...” Iyon lang ang lumabas sa bibig niya. Hindi

niya alam kung tatango siya o tatanggi.

Mahinang tumawa ang date niya, mukhang nabasa nito kung ano ang kanyang iniisip. “Don’t worry, Laraine. Para sa akin, barya lang iyan. Hindi naman sa nagyayabang ako,” dagdag nito.

Parang gusto niyang manliit. Shit! Ito ang isa sa hindi niya napaghandaan. Kung kailan naroon na siya saka naman biglang lumitaw ang hiya niya.

“Sige, iyon na lang ang kukunin ko,” sagot niya sa maliit na tinig. Sa totoo lang, nanliliit talaga ang pakiramdam niya at gusto niyang iuntog ang sarili.

*Shit!* pagmumura ng dalaga sa sarili. Mayroon ba namang gold digger na manipis ang balat? Siya lang yata ang gagang ganoon. Itinaas niya ang mukha at sumagap ng malalim na hininga. *Okay, kaya ko ’to, peptalk niya sa sarili. Para sa akin at sa pamilya ko.*

Nang muling bumalik ang waiter, si Robert ang nag-order ng pagkain nilang dalawa. Kumuha pa ito ng soup at iyong pinakamamahaling red wine ng *La Cusina*.

Tahimik silang kumain. Paminsan-minsan ay nagtatanong si Robert tungkol sa kanya at sa pamilya niya.

“Mula noong namatay ang asawa ko, ngayon lang uli ako nagpakita ng interes sa isang babae,” sabi nito. Nagpunas ito ng bibig matapos ibaba ang mga kubryertos nito.

“Ano’ng ikinamatay niya?” curious na tanong niya. Alam lang niyang biyudo ito, pero hindi niya alam kung ano ang dahilan. Alam din niyang may dalawang anak si Robert. Ang panganay ay may-asawa at may isang anak na.

“Cancer,” mabigat ang boses na sagot nito. “Huli na nang malaman naming may cancer pala siya. By the time na madiskubre naming may cancer siya sa baga, kumalat na iyon at wala nang pag-asang malunasan pa.”

“I’m sorry,” sincere na wika ng dalaga.

“Thank you. Matagal naman na at tanggap na naming wala na siya. Nasa masayang lugar na siya at panahon na rin para pakawalan ko ang mga alaala niya.”

Saglit na walang nagsalita sa kanilang dalawa. Tila nagpapakiramdam sila kung ano ang susunod na gagawin ng bawat isa. Sa huli ay si Robert din ang naunang nagsalita.

“Laraine, alam kong malaki ang agwat ng edad

natin. At alam ko rin kung ano ang sasabihin ng mga tao, pero wala akong pakialam doon. Basta ang mahalaga sa akin ay masaya ako, matatanggap ko kung anuman ang sasabihin nila,” umpisa nito. Pinagsalikop nito ang dalawang kamay sa itaas ng lamesa at deretsong tunitig sa kanya. Natigil naman ang paghinga niya at wala sa sariling napalunok siya. “Gusto kita, Laraine. At gusto kong ipaalam sa ’yo na malinis ang hangarin ko.”

At kahit na inasahan na iyon ng dalaga, tila nagulat pa rin siya at hindi niya magawang magsalita. Ilang beses muna siyang kumurap at lumunok bago magawang lumabas ng tinig sa lalamunan niya.

“Hindi ka ba natatakot na pera lang ang habol ko sa ’yo?” iyon ang unang namutawi sa bibig niya.

Hindi agad sumagot ang lalaki. Ilang saglit nitong pinag-aralan ang mukha niya bago sinagot ang tanong niya. “Aaminin ko sa ’yo, Laraine, marami akong narinig na usap-usapan tungkol sa ’yo. Pero s’abi ko nga, hindi mahalaga sa akin kung ano ang sinasabi ng ibang tao. I want my happiness too, at walang ibang mag-aabot sa akin n’on kundi ako. Ikaw ang gusto ko at kung papalarin, hahayaan mong maging parte din ako ng buhay mo,” pahayag nitong maririnig ang katapatan sa boses.



At kahit na ilang beses na sinabi ni Laraine na kaya niyang patayin ang konsyensya para maabot ang mga pangarap, naramdaman pa rin niya ang sundot niyon. At kahit papaano ay humina ang determinasyon niya at may ilang segundong naisip niyang kalimutan na lang ang lahat.

Mabuti na lang at naalala niya ang rason kung bakit naroon siya. Pinatigas niya ang puso at pilit inilibing ang nalalabing konsyensya. May rason kung bakit siya naroon. Iyon ang dapat niyang isipin.

“I’m flattered. Sa dinami-dami kasi ng babae diyan na puwedeng pumalit sa puwesto ng dati mong asawa, ako ang napili mo.” Nilaro ng kanyang mga daliri ang rim ng kopitang naglalaman ng red wine. “Pero gusto pa kitang makilala nang lubusan. Saka natin malalaman kung magkakaroon ka ng puwang sa buhay ko.”

Sa totoo lang, parang gusto nang tumalon ni Laraine at sabihing magpakasal na sila para wala nang atrasan, pero nagpigil siya. Kahit naman totoong pera ang habol niya sa matandang lalaki, gusto pa rin niyang iparamdam na ito mismo ang ginusto niya at hindi ang pera nito.

At kapag nagpakasal sila, sisiguruhin niyang magiging tapat at mabuting asawa siya rito. Iyon

ang ipapalit niya sa kaginhawaang maibibigay nito. At alam niyang darating ang araw na makakaya rin niyang mahalina si Robert; mabait ito at masayang kasama, kaya hindi malayong mangyari iyon.

“That’s good. At least, hindi mo ako binasted agad,” nakangiting sagot nito. Itinaas nito ang sariling kopita at nakigaya siya. “To getting to know each other better.”

Pinagpingki nila ang mga kopita. Napangiti rin ang dalaga. Na agad ding nawala nang may tumawag sa pangalan ni Robert. Pareho silang napalingon sa pinanggalingan ng boses.

“Robert? Hi! Hindi ko inaasahang makikita kita dito ngayon,” anang isang ginang. Sa ayos at postura nito, mahahalatang galing din ito sa mayamang pamilya.

“Elmira.” Tumayo si Robert at hinalikan sa pisngi ang babae. “Sino’ng kasama mo?” tanong nito.

“Mga kaibigan ko,” sagot nito, pero nakatingin sa kanya. “Who is this?”

Sa paraan ng pagtingin nito, tila tinatantya ng ginang kung sino siya at kung ano ang koneksyon niya kay Robert. May pagdududa rin sa mga mata nito. Pinaraan siya nito ng tingin at sa pakiramdam

ni Laraine, tila sinukat nito kung magkano ang halaga niya. Tumaas ang sulok ng bibig nito, at aaminin niyang nanliit siya.

Bago man ang damit niya, pero halata pa ring hindi iyon branded gaya ng suot nito. May suot man siyang alahas, ngunit hindi gaya ng suot nitong kumikinang na tadtad ng brilyante. Subalit itinaas niya ang mukha at sinalubong ng naghahamong titig ang tingin nito. Walang karapatan ang babaeng ito na husgahan siya. Pareho lang silang tao, ang ipinagkaiba ay makapal ang bulsa nito at siya ay hindi.

“Elmira, this is Laraine. Laraine, si Elmira, hipag ko.” Hindi nito napansin ang ginagawang pagsusukatan ng tingin ng dalawang babae.

Peke ang ngiting inabot ni Elmira ang kamay niya. “Nice to meet you.”

“Ikinagagalak kitang makilala,” nakipagplastikang sagot ni Laraine dito. Nairita pa siya nang matapos nitong bitawan ang kamay niya ay pasimple nitong pinunasan ang palad sa suot nitong bestida.

“Well, Robert, mauuna na ako sa inyo. I see that you’re busy at nakakaistorbo ako.” Humarap ito sa bayaw pero ang huling sulyap nito sa kanya

*The Price of Love - Bella Amor*

---

ay kakaiba. At sigurado siyang pagtalikod nito ay agad nitong tatawagan ang mga anak ni Robert para sabihing may gold digger na kumakapit sa daddy ng mga ito. “See you.”